

**May mga
tanong tungkol
sa mga bakuna
sa COVID-19?
Narito ang ilang
sagot.**

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang coronavirus na unang natukoy noong huling bahagi ng 2019. Ang mga coronavirus ay isang malaking pamilya ng mga virus na kilalang nagdudulot ng banayad hanggang matinding mga impeksyon sa baga. Ang mga novel (bagong) coronavirus ay kinabibilangan ng COVID-19.

Paano kumakalat ang COVID-19?

Ang pinakakaraniwang pagkalat ng COVID-19 ay sa pamamagitan ng mga droplet ng isang taong naimpeksyon ng virus. Ito ay sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahin, pagsasalita, paghinga at pagkanta. Ang COVID-19 ay maikakalat din sa pamamagitan ng paghipo sa isang ibabaw o bagay na may virus at saka hihipuin ang iyong bibig, ilong o mga mata ng mga kamay na hindi nahugasan. Ang virus ay maikakalat bago ka magsimulang magpakita o magkaroon ng mga sintomas.

Sino ang karapat-dapat sa bakuna para sa COVID-19?

Ang mga Taga-Ontario na limang taong gulang at mas matanda ay maaaring kumuha ng una at ikalawang dosis ng bakuna sa COVID-19. Ang mga booster na dosis ay makukuha ng mga 12 taong gulang at mas matanda.

May mga partikular na indibidwal na karapat-dapat at inirerekomendang tumanggap na ikatlong dosis bilang bahagi ng isang pinalawak na primaryang serye at booster na (mga) dosis ng bakuna sa COVID-19, dahil sa posibleng paghina ng imyunisasyon batay sa kanilang tumaas na panganib ng matinding sakit at pagpapaospital.

Para sa impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat, bisitahin ang ontario.ca/covidvaccineinfo.

Bakit dapat akong kumuha ng bakuna sa COVID-19?

Ang pagpapabakuna ay pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang protektahan ang iyong sarili, iyong mga minamahal at iyong komunidad mula sa matinding sakit at pagpapaospital dahil sa COVID-19 at sa mga variant nito.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi nagiging dahilan ng isang impeksyon ng coronavirus. Ang mga ito ay tumutulong na bumuo ng imyunisasyon sa virus, upang ito ay mas madaling malabanan ng iyong katawan. Ito ay makakabawas ng panganib na magkaroon ng COVID-19 o magagawa ang iyong mga sintomas na mas banayad kung magkaroon ka nito.

Bakit ako magpapabakuna ngayong ang mga hakbang sa kalusugan ng publiko ay tinatangal na?

Ang pagtanggap ng mga hakbang na pangkaligtasan ng pampublikong kalusugan ng lugar ng trabaho ay hindi sumesenyas na ang COVID-19 ay nawala na o ang pandemya ay tapos na. Nagpapatuloy ang bakuna bilang pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19 at tumutulong na protektahan ang progresong nagawa na natin.

Ang pagtanggap ng lahat ng inirerekomendang dosis ng bakuna sa COVID-19 ay namamalaging ang pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang protektahan ang iyong sarili, ang iyong mga minamahal at ang iyong komunidad laban sa COVID-19 at mga variant nito. Ito ay nagbabawas nang malaki sa iyong panganib na magkaroon ng matinding sakit, pagpapaospital at pagkamatay.

Ang booster ba ng dosis sa COVID-19 ay kailangan?

Habang ang mga pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 ay lubos na mabisa

laban sa seryosong sakit at pagpapaospital, mahalagang manatili kang napapanahon sa pamamagitan ng pagtanggap ng lahat ng inirerekomendang dosis ng bakuna sa COVID-19, dahil ang proteksyon pagkatapos ng isang primaryang bakuna sa COVID-19 ay talagang nababawasan sa paglipas ng panahon, lalo na laban sa mga inaalalang variant.

Ang mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda ay maaaring magtakda ng appointment para sa unang booster na dosis tatlong buwan (84 araw) pagkatapos ng kanilang ikalawang dosis. Ang mga 12 hanggang 17 taong gulang ay maaaring magtakda ng appointment para sa unang booster na dosis anim na buwan (168 araw) pagkatapos ng kanilang ikalawang dosis. Bilang karagdagan, may mga partikular na indibidwal na karapat-dapat sa ikalawang booster na dosis. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang ontario.ca/covidvaccineinfo.

Nagkaroon na ako ng COVID-19 at gumaling. Kailangan ko pa bang magpabakuna?

Oo, dapat ka pa ring kumuha ng lahat ng inirerekomendang dosis ng bakuna sa COVID-19 upang itaas ang proteksyon laban sa matinding sakit at pagpapaospital.

Kahit na gumaling ka sa COVID-19, wala ka pa ring imyunisasyon at maaari pa ring makuha ang virus at makahawa habang hindi nagpapakita ng anumang mga sintomas. Sa pagkalat ng mga bagong variant, mahalagang manatili kang napapanahon sa iyong mga bakuna sa COVID-19.

Kung nagkaroon ka kamakailan ng COVID-19, maaaring pinakamahusay na maghintay ka ng iyong susunod na dosis nang hanggang anim na buwan pagkatapos magkaroon ng COVID-19. Makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa karagdagang

impormasyon tungkol sa pinakamahusay na panahon batay sa iyong edad, sa bilang ng mga dosis na natanggap mo, at sa kalagayan ng iyong kalusugan.

Makakaranas ba ako ng mga di-hangad na epekto?

Tulad ng anumang pagbakuna, ang ilang tao ay maaaring makaranas ng banayad na di-hangad na mga epekto at reaksiyon na maaaring humina mula sa ilang oras hanggang sa ilang araw pagkatapos ng pagbakuna. Ang mga di-hangad na epekto na ito ay bahagi ng mga pagsisikap ng katawan na bumuo ng panlaban sa COVID-19 kasunod ng pagbakuna. Ang pinakakaraniwang mga di-hangad na epekto ay kinabibilangan ng mga pagbabago sa kulay (halimbawa, pula o lila), gayon din ng pananakit o pamamaga sa braso kung saan mo tinanggap ang iyong iniksiyon, pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan at kasukasuan, panginginginig o banayad na lagnat.

Kung nagkaroon ka ng mga di-hangad na epekto na ikinababahala mo o parang hindi nawawala pagkaraan ng ilang araw, mangyaring kontakin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Ligtas ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Oo. Ang Health Canada ay may isa sa mga pinakamahigpit na mga sistema ng siyentipikong pagsusuri sa mundo at nag-aapruba lamang ng bakuna kung ito ay ligtas, gumagana, at nakatutugon sa pinakamataas na mga pamantayan sa pagpamanupaktura at kalidad.

Tanging ang mga bakuna na inaprubahan ng Health Canada ang ibinibigay sa Ontario.

Kumuha ng karagdagang kaaalaman tungkol sa mga bakuna mula sa [website ng Canada](https://www.healthcanada.ca).

Dapat ba akong mag-alala tungkol sa isang bakuna na napakabils na binuo?

Hindi. Tanging ang mga bakunang inaprubahan at ipinasiyang ligtas at mabisa ng Health Canada ang ibibigay sa Ontario.

Ang mga bakunang ito ay binuo nang mas mabilis kaysa ibang mga bakuna dahil sa ngayon lang lumitaw na mga antas ng pagtutulungan at pagpopondong ipinuhunan sa pagsisikap na ito sa buong mundo.

Ang mga mananaliksik ay nag-aaral at nagtatrabaho sa [mga bakunang RNA](#) nang higit sa 10 taon, kaya ang teknolohiyang mRNA ay nagamit nang mabilis upang buuin ang bakuna sa COVID-19.

Kung ang mga bakuna man sa COVID-19 ay mabilis na nabuo, lahat ng hakbang ay ginawa upang masiguro na ang mga ito ay ligtas at mabisa.

Ano ang proseso ng pag-apruba para sa bakuna?

Napakaraming tagatulong sa buong mundo ang ginamit sa pagbuo ng mga bakuna sa COVID-19, na tumulong na isulong ang proseso ng pag-apruba sa bakuna nang episyente at mabisa. Kabilang dito ang paggamit ng kasalukuyang mga programa sa pananaliksik, pandaigdig na pagtutulungan ng mga siyentista at gobyerno, tumaas na nakalaang pagpopondo, mabilis na pagkuha ng mga kalahok sa pangklinikang pagsubok at matuling pagtatag ng mga pangklinikang pagsubok upang ipakita ang pagiging mabisa ng bakuna. Ang mga pinakamahasag na independiyenteng siyentista ng Canada ay masusing nagsuri ng lahat ng datos bago aprubahan ang mga bakuna bilang ligtas at mabisa para sa mga Taga-Canada. Lahat ng hakbang na pangkaligtasan ay sinunod sa pag-apruba ng mga bakunang ito.

Kumuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa proseso ng pagsusuri at awtorisasyon mula sa [website ng Health Canada](#).

Anu-ano ang mga pangmatagalang di-hangad na epekto ng bakunang ito?

Ang mga patuloy na pag-aaral ng mga mas matagal na di-hangad na epekto ng mga bakuna ay nagpapatid na wala pang mga seryosong di-hangad na epekto na natagpuan. Ang mga taong tumanggap ng bakuna sa mga pag-aaral ay patuloy na susubaybayan para sa anumang mga pangmatagalang epekto.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa masasamang epekto kasunod ng imyunisasyon (AEFIs) o upang mag-ulat ng AEFI, bisitahin ang [pahina sa web tungkol sa kaligtasan sa bakuna ng Public Health Ontario](#).

Ang mga di-hangad na epekto mula sa ikalawang dosis ay mas masama ba kaysa unang dosis?

Ang ilang tao ay maaaring makaranas ng mas malakas na mga di-hangad na epekto pagkatapos ng ikalawang dosis ng bakuna. Dahil ang mga di-hangad na epekto ay resulta ng iyong sistema ng panlaban sa sakit na gumagawa ng proteksiyon, sa sandaling ang iyong sistema ng panlaban sa sakit ay napalakas ng unang dosis, magkakaroon ng mas malakas na imyunisasyon na pagtugon sa ikalawang dosis. Ito ay isang magandang bagay at nagpapatid na ginagawa ng bakuna ang trabaho nito!

Ang mga di-hangad na epekto pagkatapos kumuha ng booster na mga dosis ay katulad ng nakukuha pagkatapos ng una at ikalawang dosis. Ang mga pangkaraniwang di-hangad na epekto ay maaaring tumagal ng ilang oras o dalawang araw pagkatapos ng pagbabago ng kulay (halimbawa, pula o lila), gayon din ng pananakit o pamamaga sa braso kung saan ka tumanggap ng

iniksiyon, pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan at kasukasuan, pangininginig o banayad na lagnat.

Ang bakuna ba ay maaaring magbigay sa akin ng COVID-19?

Hindi, hindi ka maaaring magkaroon ng COVID-19 o anumang ibang mga nakakahawang sakit mula sa bakuna. Walang mga buhay na bakuna sa mga bakunang inaprubahan ng Health Canada, ibig sabihin ang mga ito ay hindi nagtataglay ng virus na nagdudulot ng COVID-19.

Maaari ba akong magkaroon pa rin ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan?

Ang bakuna ay nagbabawas ng panganib ng pagkakaroon ng COVID-19, pero tulad sa ibang mga imyunisasyon, hindi mo maaaring lubos na maalis ang panganib ng impeksyon, lalo na dahil sa patuloy na pagkalat ng virus na ito sa komunidad.

Ang pagpapabakuna ay nagbabawas nang malaki sa iyong panganib na magkaroon ng matinding sakit, pagpapaospital at pagkamatay, at ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang sarili at ang mga nakapaligid sa iyo laban sa seryosong sakit dahil sa COVID-19.

Makakaapekto ba ang bakuna sa COVID-19 sa aking kakayahang magkaanak? Paano kung buntis ako ngayon?

Sa kasalukuyan ay walang ebidensiya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagiging dahilan ng pagkabaog.

Ang totoo, ang pagkuha ng lahat ng inirerekomendang dosis ng bakuna sa COVID-19 bago ka magdalantao o habang ikaw ay buntis ay magpoprotekta sa iyo at sa iyong magiging sanggol laban sa panganib ng COVID-19 sa pagbubuntis.

Ligtas ba ang bakuna sa COVID-19 para sa mga buntis, nagpapasuso o nagsisikap magkaanak?

Oo. Ligtas na makukuha mo ang bakuna sa COVID-19 bago maging buntis o sa alinmang trimester ng pagbubuntis. Ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 habang ikaw ay buntis, nagpapasuso o nagsisikap magkaanak ay ligtas, mabisa at lubos na inirerekomenda ng Provincial Council for Maternal and Child Health (PCMCH), Ontario Society of Obstetricians & Gynaecologists (OSOG), Society of Obstetricians, Gynaecologists of Canada (SOGC), National Advisory Committee on Immunization (NACI) at maraming iba pang pambansa at pandaigdig na organisasyon

Ang mga benepisyo ng pagpapabakuna upang pigilan ang posibleng mga komplikasyon sa pagbubuntis ay mas matimbang nang malaki kaysa mga panganib. Kung nagkaroon ka ng COVID-19 habang ikaw ay buntis, ikaw ay may mas malaking panganib ng pagpapaospital, pagpasok sa yunit ng matinding pangangalaga at suporta sa buhay kumpara sa mga taong positibo sa COVID-19 na hindi buntis.

Hindi lamang magpoprotekta sa iyo ang bakuna laban sa impeksyon ng COVID-19, kundi babawasan din nito ang panganib ng matinding sakit at mga komplikasyon na may kaugnayan sa mga impeksyon ng COVID-19 sa pagbubuntis. Ang mga pag-aaral ay nagmumungkahi na ang mga antibody sa iyong katawan na nabubuo kasunod ng pagbakuna ay pupunta sa iyong sanggol sa pamamagitan ng placenta at/o iyong gatas ng suso, na maaaring magkaloob hindi lamang sa iyong sarili, kundi sa iyo ring anak, ng mas malakas na proteksyon laban sa COVID-19 pagkatapos isilang.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ontario.ca/covidvaccinepregnancy.

Bakit dapat magpabakuna ang aking anak? Di ba mas banayad ang COVID-19 para sa mga bata?

Habang ang mga batang naimpeksyon ng COVID-19 ay pangkaraniwang nakakaranas ng mga banayad na sintomas, ang ilan ay maaaring magkaroon ng malubhang sakit, na magresulta sa pagpapaospital, pagpasok sa ICU o maging ng pagkamatay. Ang iba ay maaaring makaranas ng seryoso at mas matagal na mga sintomas (iyon ay, mahabang COVID-19, post-acute COVID-19 syndrome). Ito ay lalong totoo para sa mga batang nakakompromiso ang panlaban sa sakit o may napapailalim na mga kondisyon ng kalusugan.

Ang pagbakuna sa mga bata at kabataan ay magkakaloob sa kanila ng isang malakas na antas ng proteksyon laban sa seryosong sakit, pagpapapaospital at pagkamatay mula sa virus. Ang pagbakuna ay tumutulong din na protektahan ang ibang mga miyembro ng pamilya, tulad ng mga hindi pa makapagbakuna, o mas madaling tamaan na matatandang indibidwal.

Ang Health Canada ay nagbigay ng awtorisasyon sa bakuna ng Pfizer upang gamitin sa mga batang limang taong gulang o mas matanda at sa bakuna ng Moderna para gamitin sa mga batang anim na taong gulang at mas matanda.

Ang mga batang limang taong gulang at mas matanda ay inirerekomendang tumanggap ng Pfizer na bakuna sa COVID-19. Nang may-kaalamang pahintulot, na dapat kabilang ang kamalayan sa posibleng tumaas na panganib ng myocarditis/pericarditis, ang mga batang anim na taong gulang at mas matanda ay maaaring tumanggap ng Moderna na bakuna sa COVID-19.

Milyon-milyong bata sa California at US ay tumanggap na ng bakuna sa COVID-19 at sa kabuuan, walang inaalalang mga senyas na pangkaligtasan na naobserbahan.

Tulad sa mga bakuna para sa ibang mga sakit, ang iyong anak ay pinakamahusay na napoprotektahan kapag [nananatiling napapanahon](#). Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang ontario.ca/covidvaccinekids.

Nagtataglay ba ng microchip ang bakuna?

Hindi.

Ano ang pagkakaiba ng bakuna sa COVID-19 sa bakuna sa trangkaso?

Ang bakuna sa COVID-19 at ang bakuna sa trangkaso ay may malaking pagkakaiba at hindi tuwirang mapagkukumpara. Inaasinta ng mga ito ang magkaibang virus: ang bakuna sa trangkaso ay umaasinta sa ilang strain ng virus ng trangkaso sa isang pagkakataon, habang inaasinta ng bakuna sa COVID-19 ang isang virus lamang, ang SARS-CoV-2.

Mahalagang tumanggap ng pareho ng bakuna sa trangkaso at bakuna sa COVID-19 dahil ang mga ito ay nagpoprotekta laban sa magkaibang virus. Ligtas na kunin ang iyong iniksiyon sa trangkaso o ibang bakuna nang kasabay ng iyong bakuna sa COVID-19. Ang isang 14-na-araw na panahon ng paghihintay bago o pagkatapos ng iyong bakuna sa COVID-19 ay hindi kinakailangan.

Ako ba ay karapat-dapat para sa isang bakuna kung wala akong Ontario Health Insurance Plan (OHIP) card?

Sinumang naninirahan, nag-aaral, o nagtatrabaho sa Ontario o bumibisita sa Ontario ay karapat-dapat tumanggap ng bakuna nang walang gastos, anuman ng kalagayan bilang mamamayan o katayuan sa imigrasyon.

Hindi mo kailangan ng isang Ontario health card upang makatanggap ng bakuna. Maaari mong gamitin ang ibang anyo ng may litratong dokumento ng identipikasyon (ID) upang suportahan ang iyong pangalan at petsa ng kapanganakan, o isang kombinasyon ng mga ID, tulad ng

lisensiya sa pagmamaneho, pasaporte, o piraso ng nakarehistrong koreo, pay stub, card ng estudyante, inisyu ng gobyerno na identipikasyon mula sa ibang mga hurisdiksyon. Sa mga ito ay kabilang ang mula sa ibang bansa at napaso nang mga dokumento ng gobyerno.

Kung wala kang health card at ang iyong yunit ng pampublikong kalusugan ay gumagamit ng Provincial Vaccine Contact Centre (PVCC), maaari kang tumawag sa PVCC sa 1-833-943-3900 upang ipatala ang iyong appointment. Hihingin sa iyo ang isang anyo ng may litratong identipikasyon sa appointment para sa bakuna.

Maaari mo ring kontakin ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan upang kumpirmahin ang iyong pagiging karapat-dapat sa pagbakuna at tulungan kang ipatala ang iyong appointment. Upang makahanap ng isang lokal na yunit ng pampublikong kalusugan at numero ng kontak, bisitahin ang ontario.ca/publichealth.

Ang pag-aambag ba ng dugo ay makakabawas ng pagkamabisa ng bakuna sa COVID-19 vaccine?

Hindi, walang mungkahi o ebidensiya sa pananaliksik na makukuha na ang pag-aambag ng dugo ay magbabawas ng pagkamabisa ng bakuna sa COVID-19.

Ang pag-aambag ay hindi nagtatanggal ng bakuna mula sa katawan at hindi mag-aalis sa katawan ng mahahalagang immune fighting cell at mga antibody na nabubuo bilang tugon sa bakuna. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [Mga Serbisyo sa Dugo ng Canaga](#).

Paano kung atrasado ako sa aking regular na iskediyul ng imyunisasyon? Maaari pa rin ba akong makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Oo. Hinihimok din namin ang mga atrasado sa kanilang mga imyunisasyon na

kontakin ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang makagawa ng pagsasapanahon.

Anu-anong mga tagatulong ang magagamit ng mga may kapansanan o mga inaalala sa pagkuha?

Ang mga lugar ng pagbakuna ay inaatasang magkaloob ng madaling magamit na serbisyo sa parokyano at upang makipag-ugnay sa mga taong may mga kapansanan sa isang madaling paraan. Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na tagatulong ay nakahanda:

- [ConnectABILITY.ca](https://connectability.ca) para sa impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, mga tagatulong at suporta sa mga tagabigay ng pag-aalaga, mga video mula sa pinagkakatiwalaan, at iba pa.
- Ang website ng [Health Care Access Research and Developmental Disabilities \(www.hcarddcovid.com/info\)](https://www.hcarddcovid.com/info) at vaccinesupport.ca para sa impormasyon tungkol sa pagpapabakuna sa iyong anak/nakadepende na may kapansanan sa pag-unlad o isipan (mga kaluwagan sa lugar ng bakuna, mga opsyon sa pagbisita sa bahay, pagkatakot sa mga karayom, atbp.).
- Ontario Community Support Association (www.ontariocommunitysupport.ca) para sa impormasyon tungkol sa programang Accessible Drive-to-Vaccines na nagkaloob ng pinto-sa-pinto na sakay patungo sa mga lugar ng pagbakuna para sa mga taong may kapansanan, kabilang ang mga nakatatandang may mga isyu sa mobilidad, na humaharap ng mga hamon sa paggamit ng ligtas na transportasyon.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang ontario.ca/covidvaccine upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 para sa

Ontario, kabilang ang impormasyon tungkol sa bakuna at pagiging karapat-dapat, paano magpatala ng appointment, ano ang dapat asahan, at iba pa. Maaari mo ring kontakin ang Provincial Vaccine Contact Centre upang makausap ang isang makaranasang ahente o espesyalistang pangkalusugan sa 1-833-943-3900 (TTY para sa mga taong bingi, may kapansanan sa pandinig o may kapansanan sa pagsasalita: 1-866-797-0007), makukuha sa higit sa 300 wika, pitong araw sa isang linggo mula 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Para sa mga tanong tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 para sa mga bata, kabataan at sa mga buntis, nagpapasuso o nagpaplanong magkaanak, kontakin ang SickKids COVID-19 Vaccine Consult Service upang magpatala ng isang kompidensiyal na appointment sa

telepono sa isang Nakarehistrong Nars na pambata ng SickKids sa pamamagitan ng sickkids.ca/vaccineconsult o 1-888-304-6558. Ang serbisyong ito ay makukuha rin sa iba't ibang wika gamit ang pagsasalin ng wika sa pamamagitan ng telepono.

O, tumawag sa Scarborough Health Network (SHN) VaxFacts Clinic para sa isahang pagkonsulta sa telepono sa isang kwalipikadong doktor ng SHN upang makuha ang mga kaalamang kailangan mo upang makagawa ng isang may-kaalamang desisyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19. Magpatala ng appointment sa pamamagitan ng shn.ca/vaxfacts o tumawag sa 416-438-2911, ext. 5738. Ang mga appointment ay makukuha pitong araw sa isang linggo, mula 9 a.m. hanggang 8 p.m. sa higit sa 200 wika.